

PROLOGUE

Malungkot na pinahid ng matandang lalaki ang luhang nag-uunahang namalisbis sa kanyang magkabilang pisngi. Parang pinipiga ang dibdib niya habang pinagmamasdan ang mag-asawang masayang kandong-kandong ang tatlong taong gulang na batang babae. Ngunit sa kabila ng lungkot ay kusa na ring sumilay ang ngiti sa kanyang mga labi nang makitang masayang humahalakhak ang bata sa bawat paghagis dito ng lalaki. Masaya si Francine, ang kanilang si Francine. Kung may iba lang siyang naiisip na solusyon ay hindi mawawala sa kanya ang kanilang anak. Ngunit ginawa lang niya iyon para sa kapakanan ng mga anak at ng asawa. At sa palagay niya ay iyon ang tama.

Ilang buwan matapos ang panganganak ng kanyang kabiyak ay nagkaroon ito ng problema. May sakit ito sa puso at pinayuhang mag-ingat sa pagbubuntis, binalaan na sila ng doktor tungkol sa kalagayan nito. Naging maingat silang pareho, regular ang checkup nito at ng sanggol na nasa sinapupunan para mapanatili ang kaligtasan ng mga ito. Ibayong panalangin at pag-aalaga ang ginawa niya sa mag-iina niya. Nailuwal nito nang maayos

ang anak nila, ngunit ang hindi nila napaghandaan ay ang mga pangyayari pagkatapos niyon. Inatake sa puso ang kanyang esposa at binawian ng buhay isang buwan pagkapagsilang. At halos isang buwan lang mula ng pagkamatay nito ay ang anak naman niya ang nagkasakit. Mahirap lang siya at hindi niya kayang tustusan ang gastos nito sa ospital. Kasabay pa ng pagkakasakit din ng isa niyang maliit na anak.

May sinabing sakit ang mga doktor sa kanya, ngunit hindi niya matandaan ang tawag doon. Ang tanging alam lang niya ay namana nito iyon sa kanyang kabiyak.

Dahil ginusto niyang mabuhay at lumaki ito nang maayos kaya mas pinili niyang mamuhay ito sa piling ng ibang pamilya. Pamilyang mas kaya itong buhayin, palakihin nang maayos at pamilyang mamahalin ito gaya ng pagmamahal nila ng yumao niyang asawa.

Mahigpit niyang niyakap ang batang karga niya. Iyon ang huling pagkakataong makikita nila si Francine.

1

“Day, ang ganda-ganda mo na. Manang-mana ka talaga sa akin!” pailing sabi ng baklang si Dally, Dionisio ang tunay nitong pangalan. Kaibigan niya ito simula pa noong high school sila hanggang sa mag-college sila ay magkabuhol na ang bituka nilang dalawa. Nang makatapos ito ay nagtrabaho ito at nag-ipon para makapagpatayo ng isang maliit na parlor sa lugar nila. Lagi nitong sinasabi na ang misyon talaga nito sa buhay ay ang mapaganda ang mga taong gustong gumanda. Kaya kahit maganda ang posisyon sa call center na pinasukan ay iniwan nito iyon at itinuloy ang misyon, este, ang pangarap pala.

“Tuwang-tuwang umikot-ikot pa ito sa harap niya para masipat nang husto ang pinaggagawa nito sa kanya. Maging siya naman ay nasiyahan sa resulta ng ilang oras na pagbabad sa parlor nito. Nagpasya na siyang ipaputol ang hanggang baywang na buhok, shoulder-length na lang iyon ngayon, may style at may kaunting highlights sa unahan. Bumagay ang buhok niya sa maliit niyang mukha, maging ang kanyang mga mata ay mas lalong na-emphasize. Maging ang kanyang mga kilay at mga daliri ay pinakialaman na rin ng baklang kaibigan. In short, naging moderno

na siyang tingnan at hindi na mukhang sinaunang babae, as her friend said.

“Ako ba talaga ito, Dally? Ang galing-galing mo talaga!” di-makapaniwalang komento niya habang sinisipat din ang sarili sa salamin.

“Ay, malamang ako ’yan, Hija,” papilosopong sagot nito. “Sabi ko naman sa ’yo ayusin na natin ang ganda mo nang lumitaw nang bonggang-bongga. At saka Makati girl ka na ngayon, so hindi na p’wedeng basta-basta na lang ang porma mo. Dapat may class na at poise na.”

Napasimangot siya. “Para namang sinabi mong dati akong pangit.”

“Bakla! Ibig kong sabihin maganda ka na dati, na-highlight lang ngayon. At saka mamaya dadaan ako sa bahay n’yo. Tutulungan kitang mamili ng isusuot mo para bukas.”

Bukas ang simula ni Francesca bilang secretary sa *Lunar Magazine*. Isa iyong nangungunang local magazine ng bansa and she was an avid fan of the said magazine dahil magaganda talaga ang nilalaman niyon. She graduated with a degree in Business Management at the age of twenty-one. Hindi niya ikinahihiyang nagtagal siya sa college, ang mahalaga

ay nakapagtapos siya kahit paano. Na-stroke kasi ang tatay niya noong second year college siya kaya kinailangan niyang huminto muna sa pag-aaral upang makapagtrabaho para sa kanilang dalawa. Ayaw niyang maging ang ama ay mawala pa sa kanya. Nang makapagtapos ng kanyang kurso ay napapasok siya sa law firm na dating pinagtatrabuhan ng ama bilang sekretarya, tumagal din siya roon ng tatlong taon bago nag-resign.

Ang tatay na lang niya ang kasama niya sa buhay. Ayon dito, bata pa lang siya nang mamatay ang kanyang ina sa atake sa puso at ilang buwan mula nang pumanaw ito ay sumunod naman ang kakambal niya. Kaya ang sumatutal ay sila na lang ng ama ang magkaramay sa buhay. At gagawin niyang lahat para dito.

Naramdaman niya ang mainit na pagdampi ng hangin sa kanyang buhok. Muli iyong sinusuklay at bino-blower ni Dally. “Uy, dadaan ka talaga, ha? Kinakabahan ako. Sana naman mabait ang magiging boss ko.”

“Promise! ’Day, kung suplada ay daanin mo na lang sa ganda. Diyan malaki ang lamang mo.”

“Sabi ng babaeng nag-interview sa akin, lalaki daw ang magiging boss ko at mabait. May out-

of-town business trip lang daw ito kaya hindi ako naharap para sa final interview,” lahad niya.

Laking pasalamat talaga niya na siya ang nakuha ng prestigious magazine bilang isa sa mga empleyado nito. Aminado siyang malakas ang kompetisyon para sa posisyon na iyon dahil nga *Lunar Magazine* iyon. Baon ang isang bag na lakas ng loob at tatlong taong experience bilang secretary, nag-pass siya ng resumé dito at pinalad na matanggap. Hindi naman sa nagyayabang siya ay matalino at madali siyang maka-adapt sa nasa paligid niya.

“Naku! Sa mga ganyang trabaho ay bihira ang straight, karamihan *becky* din o kaya iyong mga ayaw umamin.”

“Ano ba ’yan, pagsuporta o pang-di-discourage? *Becky-becky* ka diyan. At saka bading man siya o hindi, ipinapanalangin ko na lang na mabait sana siya.”

Ngumiti ito sa repleksyon niya. “True! Congrats ulit, Bakla. Pag yumaman ka diyan, huwag mong kalimutang mag-invest dito sa parlor ko, ha?” Muli siyang niyakap nito.

“Oo naman. Gagawin na nating salon and spa ang parlor na ito. Basta mamaya punta ka sa bahay, ha?” Tumayo na siya at nagsimulang pagpagan ang

mumunting buhok na naligaw sa damit niya.

“Oo, pangako. At saka sabihin mo kay Tatay na ipagluto ako ng favorite ko. Makikihapunan na din ako.”

Natawa siya sa hirit nito. Hindi na ito iba sa kanila. Kilalang-kilala na rin ito ng tatay niyang si Felipe, kaya nga 'Tatay' na rin ang tawag nito sa kanyang ama. Malaki ang utang-na-loob nila sa kaibigan. Isa ito sa tumulong sa kanya ng maospital ang ama.

“Ako na lang ang magluluto para sa 'yo, papagurin mo pa ang tatay ko.”

Sumimangot ito. “Hoy, Francesca! Ayoko ng luto mo, kulang sa lasa. Baka magbago ang isip ko kapag ang luto mo ang natikman ko at bigla kitang singilin sa ginawa kong makeover sa 'yo.”

“Sira! Sige na, bye-bye.”

“Babush! Mag-ingat ka paglabas baka may mangidnap sa 'yo sa sobrang ganda mo.”

Natawa siya sa sinabi nito. Ang totoo, ilang hakbang lang ay nasa bahay na siya. At kahit mukhang mga sanggano ang tambay sa kanila ay mababait naman ang mga iyon. Bata pa lang siya ay

roon na sila nakatira.

Hindi pa man nakakarating ng bahay ay may ilang kapitbahay na nila ang nakapuna ng bagong anyo ni Francesca. At lahat ng mga ito ay nagsasabing bumagay raw iyon sa kanya. Nagpasalamat siya sa mga ito. Kung maganda siya ay sigurado siyang ganoon din kaganda ang nanay niya noong nabubuhay pa. Nakita na niya sa larawan si Filomena at talagang kahawig niya ito. Mula sa tangkad nito, ang brown na mga mata at ang maamong mukha. Hindi man siya kaputian ay makinis ang balat niya at nasa tamang hubog ang kanyang katawan. Ayon sa kanyang ama, maging ang timbre ng boses niya ay halos katulad ng sa yumaong esposa nito, malambing at punong-puno ng pagmamahal.

Napabuntong-hininga siya. Sayang, kung kompleto lang sana sila. Kung hindi pumanaw ang kanyang ina at kakambal ay kasama sana nila ng tatay niya ang mga ito Kahit siguro mahirap pa sila sa daga ay masaya sila.

Alas siete y media pa lang ay nasa opisina na siya ng *Lunar Magazine*. Alas ocho kasi ang talagang oras ng kanyang pasok pero inagahan na rin niya dahil ayaw niyang magkaroon ng masamang impresyon

sa kanya sa unang araw ng trabaho. Kanina pa siya ninenerbyos sa di-malamang dahilan. Well, hindi naman siguro masama iyon, it was her first day at her new job.

“Miss Allerte?” nakangiting tanong ng babae sa kanya. Sa tantya niya ay nasa mid-thirties na ito. Ito rin ang nag-conduct sa kanya ng final interview niya.

Tumayo siya at inayos ang kanyang palda. “Good morning, Ma’am.”

“Good morning din. Huwag mo na akong tawaging ‘Ma’am’ kasi naiilang ako. You can call me ‘Ate Yvette’. At saka dito sa *Lunar* ay magkakapamilya lahat tayo. Pati nga si Boss minsan ay hindi na rin siyang tinatawag na ‘Sir’, eh.”

Mukhang hindi siya mahihirapang makisama sa mga ito. Masaya at magaan ang atmosphere sa loob ng building na iyon unang pasok pa lang niya. “Sige po, Ate Yvette.”

“That’s better. Halika, ituturo ko sa ‘yo ang magiging table mo.”

Sumunod siya rito. May ilang cubicles pa silang nadaanan bago humantong sa isang lamesa na bakante. Katapat niyon ay ang nakapinid na pinto na sa hula niya ay ang silid ng kanyang magiging boss.

“And this is your table. At ikaw ang magiging secretary ni Sir Lawrence. Sa kasamaang–palad, wala pa rin siya hanggang ngayon, baka sa hapon pa ang dating niya at bukas pa siya makapasok. Anyway, i-orient na lang kita ngayon at saka ipakikilala na din kita sa mga tao dito.” Lumapit pa ito sa kanya at bumulong, “At sasabihin ko na din sa ’yo ang mga dapat mong iwasan. Madami ditong mga lalaking may-asawa na nagpapanggap na binata. Ang ganda mo para maloko.”

Namula siya sa tuwirang papuri nito. “Naku! Hindi naman, Ate. At saka wala sa isip ko ang magpaligaw, nandito ako para magtrabaho.”

Tinitigan siya nito pagkatapos ay ngumiti. “Alam mo nararamdaman kong magkakasundo tayo. At naisip ko na ngayon kung sino ang kamukha mo.”

“Sino ho?”

“Si Miss Gilene. Medyo may hawig talaga kayong dalawa, matangkad ka lang nang kaunti sa kanya.”

Hindi na siya nagulat sa sinabi nito. Iyon din ang sinabi sa kanya ni Dally kaninang umaga. Na kahawig niya si Gilene Sebastian, ang sought-after model. Madalas niyang makita ang larawan nito sa billboards at magazines. Bagaman kahawig nga yata

niya ito ay hindi pa rin siya kumbinsido. Paano ay napakakinis, napakaputi at napakaganda ng modelo.

“Salamat po. Pero mukhang malayo naman yata masyado ang hitsura ko sa kanya, masyado siyang maganda, eh.”

“Huwag kang masyadong humble. Ang ganda mo kaya.”

Matapos ang ilan pang sandali ng kuwentuhan ay nagsimula na itong i-orient ang magiging trabaho niya. Like the common secretary, she would be handling her boss' itinerary, typing out letters, maintaining files and documents. At higit sa lahat at pinakamahalaga ay ang laging i-remind ang boss niya tungkol sa meeting at mga dapat gawin dahil hyperactive daw ang lalaki at madalas ay nakakalimutan na kung ano ang sunod na kailangang gawin.

Matapos mai-park ni Lawrence ang kanyang sasakyan ay dumerecho siya sa hagdanan patungo sa ikatlong palapag ng gusali ng *Lunar Magazine*. Sanay siyang hindi gumagamit ng elevator, para kasi sa kanya ay exercise na niya iyon tuwing umaga. Four-storey building ang kinaroroonan ng nabanggit na magazine na pinamamahalaan niya. Sa dalawang

unang palapag ay naroroon ang imprenta nila, sa ikatlong palapag ay gawaing pang-administratibo at ang ikaapat na palapag ay ang meeting rooms nila. Kagagaling lang niya sa isang out-of-town business conference. It was for him, business and pleasure at the same time.

He was Lawrence Dykeman, from the famous clan of Dykeman. Kilala sa lipunan ang pamilya niya dahil sa yaman at impluwensya ng mga ito. At ang *Lunar Magazine* ay isa lang sa mga negosyo nila. Their business includes chain of restaurants, resorts at ang naturang magazine, na siyang pinakabata sa negosyo nila. Buti na lamang at tatlo silang magkakapatid, kaya pinagtig-isa nila ang pamamahala ng negosyo nang tumuntong sa hustong edad. Sa Kuya Jayson niya ang chain of restaurants nila, sa Ate Neslie niya ang resort at kanya nga ang magazine bilang nagtapos siya ng Journalism and he also took up few units in Business Management.

Halos hindi man lang siya pinawisan bago makarating sa ikatlong palapag. Bawat isang makita niya ay panay na ang bati sa kanya na ginantihan lang din niya ng ngiti. Mabilis ang kilos niya at sanay na siyang siya ang iniwasan ng mga makakasalubong. Sa tangkad niyang 6'1" at well-built muscles, kawawa talaga ang makakabangga niya kung hindi ito iiwas.

Kaya naman hindi niya inaasahan ang pagharang ng isang nakayukong babae na abala sa pagbuklat ng isang folder pagliko niya ng huling cubicle patungo sa opisina niya.

At huli na ang lahat para maiwasan niya ito. They collided. Ang tanging nagawa na lang niya ay ang kabigin ito para siya ang nasa ilalim at hindi niya ito madaganan ng kanyang bigat. Ngunit sa pagkakahiga niya ay bumigay ang divider na malapit sa filing cabinet nila. Bago pa niya mapigilan ay dumagan na iyon sa dalaga.

Dinig na dinig niya ang pagsinghap nito dulot ng pagkakadagan ng divider sa likod nito. He was hell sure it hurts.

Sandaling natuliro ang isip niya bago pa man makatayo. Ramdam na ramdam kasi niya ang lambot ng katawan nitong nakadagan sa kanya. Pakiramdam niya ay nakahulma ang katawan nito para yakapin niya. Nasasamyong rin niya bangong nagmumula sa katawan nito. She smelled like a breath of blooming flower. At iyon ang weakness niya, ang mga babaeng may natural na bango.

Natigilan siya nang mapagsino ang nasa harap. “What are you doing here?” sa halip na namnamin ang sensasyong nararamdaman ay tanong niya rito.

Napamulat ito. “Ho?”

Ngayong nakamulat ay malaya niyang napapagmasdan ang mukha nito. Nagkamali lang pala siya. He was captivated by those brown eyes. Napakaamo ng mukha nito at pakiramdam niya ay anghel ang nakabangga niya. Ang ganda rin kasi ng boses nito. Kung hindi pa ito suminghap uli sa muling paggalaw ay hindi siya matatauhan.

“Help her,” utos niya sa mga taong natatarantang tinatangal ang divider na naitulak na rin niya. Hindi masakit ang pagkakabagsak niya at hindi rin kabigatan ang dalaga. Sa katunayan ay parang napaka-fragile nito. Binalingan niya ito. “Are you okay?”

Hindi kaagad ito makapagsalita at hinihimas ang bandang likuran at braso. Lihim siyang napamura nang makita ang mga mata nitong naluluha. At bago pa niya mapigilan ang sarili ay binuhat na niya ito upang dalhin sa pagamutan.

2

Tahimik lang si Francesca habang ginagamot siya ng doktor. Dinala siya ng binatang nakabangga sa kanya sa *Makati Medical Center*. Iyon ang pinakamalapit na ospital sa opisina nila. Kung siya ang masusunod ay hindang-hindi na siya magpapadala roon; pakiramdam kasi niya ang naoospital lang ay iyong sobrang lala na. Oo nga at masakit ang pagkakadagan ng divider sa kanya, ngunit alam niyang wala namang napinsala sa likod niya, masakit lang talaga iyon. At ang braso niya, well, iyon ang sa palagay niya ay magkakapasa talaga dahil nagsisimula na iyong mangitim.

“Doc, are you sure na hindi siya kailangang i-confine?” tanong nito.

Bago pa makasagot ang doktor ay nagsalita na siya. “Sir, okay lang po talaga ako.”

“Sigurado ka bang wala ka nang nararamdamang masakit?”

Tumango siya. She could feel pain in her back but she can tolerate it for a few days, she guessed. *Salonpas* lang ang katapat niyon at ayon sa doktor ay nabugbog lang iyon.

“She’s okay, Lawrence. Nakita mo naman ang resulta ng X-ray niya. Pero sigurado akong mananakit ang likod niya dulot ng pagkakabugbog ng muscles niya. Ikaw kasi, matagal ko nang ipinapayo sa ’yo na magdahan-dahan ka sa pagkilos.”

Lihim siyang napangiti sa sinabi ng doktor. Base sa pag-uusap ng dalawang ito mula nang dalhin siya roon ng matangkad na binata ay matagal nang magkakilala ang mga ito. Marahil kung hindi siya napaibabaw sa lalaki ay durog na ang buto niya ngayon. This guy probably stood six feet and two inches, malaki ang katawan na halatang alaga ng gym. He had deep set of black eyes, kind of mysterious yet attractive. Clean cut ang buhok nito na bumagay sa pangahan nitong mukha. Kasabay ng pagsigid ng sakit sa likod niya ay ang pagdaloy ng kakaibang pakiramdam dulot ng pagdidikit nilang dalawa. She somewhat shivered when she remembered his embrace. Lawrence was oozing with charm, personality and sex appeal.

Teka, Lawrence? Kung Lawrence ang pangalan nito at nasa Lunar Magazine ito...

He was her boss! It was no other than Lawrence Dykeman.

“Miss, sa susunod kapag makikita mo itong si Lawrence ay mas mabuting ikaw na ang iiwas. Hindi

niya alam ang salitang ‘pakibagalan’, eh. May ADHD siya, hindi pa lang niya matanggap.”

“Doc, masamang gawain ’yan. Sinisiraan mo ako sa sarili kong empleyado. Kung siraan din kita sa mga pasyente mo?”

Confirmed! Ito nga ang boss niya. Nahihiyang bumaling siya kay Lawrence. “Sir, sorry po. Hindi na po ito mauulit.”

Bahagyang kumunot ang noo nito. “What are you saying? Ako nga ang dapat mag-sorry sa ’yo. Ikaw itong nasaktan.”

“Hindi naman po masyadong masakit.” Kasabay ng pagsabi niyang iyon ay napangiwi siya dahil tila sinadya ng doktor na pisilin ang nasaktang braso niya.

Maingat na binawi siya ng binata mula sa pagkakahawak sa kanya ng manggagamot. Kitangkita niya ang pagngisi ng huli.

“You should be honest. Alam kong nasaktan ka, and I’m really, really sorry.”

Tama nga si Ate Yvette, mabait ang lalaki. Ramdam niyang sinsero ito sa paghingi nito ng tawad. “Okay lang po, Sir.”

“Anyway, to make it up to you, ihahatid na kita

pauwi. Kailangan mong magpahinga.”

“Ho? Naku, huwag na po. Wala po ito, kaya ko namang pong magtrabaho.”

“No, I insist. Saang department ka ba? Ako na ang kakausap sa superior mo.”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. “Er, Sir, I’m your new secretary. I’m Francesca Allerte po.”

Hindi niya alam kung bakit pero parang nakita niya ang pagliwanag ng mga mata nito. *Nah, malamang guni-guni ko lang talaga.*

“So, you’re under my supervision. At dahil ako ang boss mo, inuutos kong iuuwi na kita at hindi ka na papasok ngayong araw na ito. You’re excused.”

“Pero, Sir—”

“Hep, hep! Ako ang boss mo. Say one word and I’ll fire you,” banta nito na ikinatahimik niya. *Eh, di uuwi. Madali naman akong kausap, eh.*

“Sundin mo na lang siya, Miss. Kung ako nga sa ’yo, hihingi pa ako ng danyos o kaya insurance tatal sa loob naman ng opisina nangyari ang aksidente. Hindi birong banggain si Hulk.”

“Ngayon ako nagtataka kung bakit may mga

pasyente ka pa. Una na kami, and thanks, Dude. Ikamusta mo na lang ako kina Tita.”

Nakangising tumango lang ang doktor nang muli siyang alalayan ni Lawrence.

“Sir, hindi n’yo na po ako kailangang ihatid, kaya ko pa pong umuwi,” protesta niya. Alam niyang busy itong tao at mahalaga ang oras para rito. Isa pa, kasisimula-simula lang niya sa trabaho ay heto pa ang nangyari.

“Shh! I’ll take you home,” deklara nito.

Tumahimik na lang si Francesca at hinayaan itong alalayan siya. Ayaw man niyang aminin ay abot-abot ang kaba ng dibdib niya habang hawak siya nito. Sa di-malamang dahilan ay kinakabahan siya sa presence ng binata. Para siyang bumalik noong high school days niya, iyong tipong kinakabahan kapag nakikita ang crush niya. Dapat yata ay hindi X-ray ang pinagawa niya kundi ECG para sa puso niya. Nawala yata iyon sa lugar nang mabangga siya ni Lawrence.

Lawrence never got used to with Francesca’s presence. Para itong opium na palaging hinahanap-hanap ng kanyang paningin. Noong una niya itong makita ay inakala niyang ito ang kababata niyang si

Gilene. Magkahawig na magkahawig kasi ang dalawa. Ngunit kapag tinitigan ang kanyang sekretarya ay makikita ang pagkakaiba ng dalawang ito. Gilene had a strong yet beautiful features while Francesca had an angelic one, at least he thought. Aminado siyang humahanga siya sa kanyang kababata, ngunit iba ang nararamdaman niya para sa sekretarya. Kapag malapit ito sa kanya ay nagugulo ang sistema niya at sa kaunting pagdidikit ng kanilang mga balat ay nagsisimulang gumapang ang apoy sa buo niyang katawan. Bagay na ngayon lamang nangyari in his entire twenty-six years of existence.

Idagdag pang napakalambing ng boses ng dalaga at sa palagay niya ay napaka-submissive. Isang mahinang katok ang nagpabalik sa kanyang kamalayan.

“Sir, remind ko lang po kayo for your lunch meeting. It will be at *Aristocrat* po at *Greenbelt*,” nakangiting imporma nito sa kanya. Kagaya ng dati ay parang nahihiya itong tumingin sa kanya pero nasanay na rin siya. Dahil pakiramdam niya kapag tumitig ito sa kanya ay siya naman ang mawawala sa sarili.

“Oh, okay. Are you coming with me?”

“No, Sir. Si Ate Yvette daw po ang sasama sa

inyo. Maiiwan po ako dito kasi may dadating na mga supplies and clients na ibinilin n'yo po sa akin kahapon.”

Damn! mahinang mura ng isip niya. Bakit nga ba hindi niya naalala na ibinilin nga pala niya iyon sa dalaga? Bigla ay may pumasok na ideya sa isip niya. He smiled. *Sabagay, ako naman ang boss.*

“Call Yvette, I need to talk to her.”

“Yes, Sir. Ito nga po pala iyong research na ipinagawa ninyo sa akin regarding your meeting today.”

Hindi niya maiwasang humanga nang humakbang ito palapit sa kanya. She walked with so much grace. Sa suot nitong palda and silk office blouse ay kitangkita niya ang hubog ng maganda nitong katawan. Plus her long creamy legs. Para sa kanya ay maganda ang complexion ng balat nito, hindi ito maitim at hindi rin maputi ngunit makinis at banat ang balat nito.

“Thank you, Francesca,” aniya, may ngiti pa rin sa labi. Kung alam lang nito ang tumatakbo sa isip niya malamang ay kanina pa ito umalis ng opisina niya.

Muling natigilan ito bago sumagot. “Is that all, Sir?”

“Yes, thank you ulit.”

Lihim na napabuga ng hangin si Francesca matapos ang ilang oras na meeting. Hindi biro ang mag-jot down ng minutes ng meeting ng mga ito. Matapos ang mabilis na pananghalian nila ay kaagad na nagsimula ang pulong. At siya bilang sekretarya ay mataman lang na nakikinig at ginagawa ang trabaho niya.

“I’ll have my secretary prepare the papers,” sabi ng boss niya. Tumayo ito at kinamayan ang dalawang ka-business deal. Sa tantya niya ay pawang nasa twenties pa rin ang mga ito.

“Sure, Lawrence. And speaking of your secretary here, she’s beautiful.”

Alam niyang namumula siya sa tuwirang papuri sa kanya ng kausap ng amo. Bakas sa mga mata nito ang paghanga sa kanya.

“Back off, Leo. She’s mine.” May pagka-possessive ang tinig ni Lawrence at kinabig pa siya nang mas malapit sa katawan nito. Hindi siya makaangal sa ginawa nito. His hold was so warm and comfortable.

Natatawa namang itinaas ni Leo ang dalawang

kamay. “Whoa! I’m just saying she’s beautiful. Miss Allerte, kapag ayaw mo nang magtrabaho kay Lawrence, my office is open for your application.”

“T-thank you po but I’m enjoying my job at *Lunar*, Sir,” nahihiyang sagot niya.

“Still, my offer stands.” Binalingan nito si Lawrence. “Paano, Pare, we’ll go ahead. May isa pa akong meeting after this.”

“Sure. And by the way, give my regards to your girlfriend.”

“Makakarating. Goodbye, Miss Beautiful.” Kinuha nito ang kamay niya at walang paalam na dinampian iyon ng halik. Dahil sa gulat ay hindi na niya iyon nagawang bawiin.

Isang tikhim ang nagpabaling sa kanila sa direksyon ni Lawrence. Madilim ang ekspresyon nito at nakatingin sa kamay niya. “Leo, ang kamay ng sekretarya ko baka maubos. May girlfriend ka na.”

Humalakhak lang si Leo at binitiwang na siya. “Mukhang napalitan mo na si Gilene.”

Ilang beses na niyang naririnig ang pangalang iyon. Hindi niya maiwasan ang bumabangong curiosity. Gusto na niyang makita nang personal

ang magandang modelo. At mukhang malaki ang kaugnayan nito kay Lawrence.

Inayos ng dalaga ang ilang gamit at maingat na ibinalik iyon sa kanyang bag.

“What do you want to eat?”

“Po?” naguguluhang tanong niya. Tinawag muli nito ang waiter at humingi ng menu.

“Ano’ng gusto mong kainin? Napansin ko kasing hindi ka masyadong kumain kanina. At halos merienda na din kaya siguradong nagugutom ka uli.”

Hindi nga siya maayos na nakakain kanina. She was tense having Lawrence near her. Sa hindi niya maipaliwanag na rason ay siya ang napasama rito at hindi si Yvette. Ibayong konsentrasyon ang ginawa niya para magampanan nang maayos ang kanyang trabaho at upang hindi ma-distract sa presence ng binata. He was so good talking business and at the same time looking so damn sexy.

Napakalapit nito sa kanya at sa ilang pagkakataon ay nagtatama ang mga siko nila. And she shivered with that soft touch. Ganoon kalakas ang epekto nito sa kanya.

“Kayo na lang po ang bahala, Sir.”

“May hindi ka ba kinakain? Allergy?”

Umiling siya. Hindi siya maselan sa pagkain. “Wala naman po.”

Ngumiti ito sa kanya na ikinatalon ng puso niya. Mabuti na lang at nakaupo siya dahil kung nagkataong nakatayo siya ay magiging mabuway ang pagkakatayo niya. Binalingan nito ang waiter at sinabi ang order.

“So how’s your back?”

“Mabuti na po, Sir.”

Sumulyap ito sa naka-expose niyang braso na nagkaroon ng pasa. Nagsisimula na ring mawala iyon nang paunti-unti.

“Pero may pasa ka pa din.” Hindi niya alam kung bakit pero parang hinahaplos ng tinig nito ang kaibuturan ng kanyang puso.

Nahihiyang ngumiti siya rito. “Naku, wala po ito, Sir. Mga ilang araw lang po mawawala na din ito.”

“Drop the Sir. Ikaw lang yata sa buong opisina ang tumatawag sa akin ng ‘Sir’. And it makes me feel older, sa tingin ko naman ay hindi tayo nagkakalayo ng edad. I’m only twenty-six.”

May punto ito. Halos lahat ng empleyado nito ay tanging ‘Lawrence’ lang ang tawag dito. Ang iba nga lang ay may karugtong na ‘Boss’. Hindi niya alam kung ayos lang bang tawagin sa unang pangalan ang kanyang amo. Pero napansin niyang isa iyon sa paraan ng binata para mapalapit sa mga empleyado nito.

“Sige po,” pag-sang-ayon niya.

“And sometimes the po part,” natatawang dagdag nito.

Hindi na naiwasang mapangiti ni Francesca. Sa pagtawa kasi nito ay nararamdaman niyang lumiliwanag ang araw niya. At malamang kung nababasa lang ni Dally ang mga nasa isip niya ay kanina pa ito nagtitili at nagbubunyi sa pagdadalaga niya.

“Ikaw ang bahala,” she said smiling.

May ilang minuto pa ang kanilang ipinaghintay bago dumating ang kanilang pagkain. It was all mouth-watering and looked good. Kaya lang...

“Ang dami naman po yata nito.”

Napakunot ang noo nito. “Hey, what happen to the po part?”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. “Sorry.”

Ginantihan lang siya nito ng isang ngiti. Isinenyas nito ang pagkain niya. “Let’s eat. Huwag kang mag-alala, mauubos natin ito.”

Sabagay, gutom na rin siya at sa palagay niya ay walang masasayang na pagkain sa lakas kumain ni Lawrence. With a body like that, and muscles like his...

Mabilis niyang itinaboy ang namumuong imahe ng lalaki sa kanyang isipan. *Ano ba naman itong nangyayari sa ’kin? Gutom lang ito. Gutom lang ito!*

Nagulat siya nang sa pagitan ng pagsubo ay umangat ang kamay nito at idampi iyon sa gilid ng kanyang labi. Saglit at marahan lamang iyon ngunit sapat na upang tumindig ang buhok sa kanyang batok. Titig na titig ito sa mga labi niya habang hindi pa rin inaalis ang kamay sa kanyang mukha. Wala sa loob na napalunok siya at binasa ng dila ang nanunuyong mga labi.

Marahas itong napahinga at umayos ng upo. Nakita niya ang saglit na pagkalito sa mukha nito. “There’s something in your lips. Sorry, hindi ko dapat ginawa iyon.”

“I-it’s okay. Salamat.” Maging ang tinig niya ay

No Other Love - Faith A. Teodoro

bahagyang nangingig sa bumalot na sensasyong dulot ng ginawa nito. Itinuon na lang niya ang atensyon sa pagkain. Hindi iilang beses na narinig pa niya itong humugot ng malalim na hininga.

May nagawa yata akong mali.